**INSTABRIGHT e-GAZETTE**
ISSN: 2704-3010
Volume VII, Issue I
August 2025
*Available online at https://www.instabrightgazette.com*
****************************************************************************************************

# ANG ARMAS AT LAPIS

**ni: JENNELYN L. CUYOS**

Sa mga pook ng Basilan, kung saan ang mga bundok ay mistulang humahadlang sa liwanag, naninirahan si Raima, isang 12-taóng-gulang na babaeng ang magulang ay miyembro ng isang grupo ng armadong rebelde. Ang kanilang tahanan ay isang payak na kubo, kubli sa likod ng mga punongkahoy at malalaking bato. Araw-araw, ginigising siya ng kalansing ng mga baril na pinapakintab ng kanyang ama, habang ang kanyang lapis, isang regalong mula sa isang gurong boluntaryo ay patuloy na itinatago sa ilalim ng banig.

"Ang pag-aaral ay kasinungalingan ng pamahalaan," sabi ng kanyang ina minsan, habang itinuturo kung paano mag-impake ng bala. "Ang sandata ang tunay na nagbibigay-lakas."Ngunit sa gabi, kapag tulog na ang lahat, kinukuha ni Raima ang kanyang lapis at kuwaderno. Sa mahinang liwanag ng gasera, isinusulat niya ang mga katagang itinuro ni Ma'am Jen: "Ako'y magiging guro. Ako'y magiging malaya."

Isang tanghali, habang naglalakad siya patungo sa paaralan, isang yero na may tatlong upuan lamang, bigla siyang napahinto sa pagtakbo nang marinig ang sunud-sunod na putok. Nagtago siya sa ilalim ng puno, nanghihina. Nakita niya ang kanyang ama, kasabay ng mga sundalo, na nagtutulakan sa gubat. Sa takot, niyakap niya ang kanyang lapis na parang ito'y mahiwagang agimat.

"Raima! Delikado rito. Umuwi ka na," bulong ni Ma'am Jen nang siya'y dumating."Hindi po. Dito ako matututong lumaya," sagot niya, nakatitig sa pisara. Nang gabing iyon, nagalab ang poot ng kanyang ama nang malaman ang pagpupursige niyang mag-aral. "Traydor ka!" sigaw nito, saka inihagis ang kuwaderno ni Raima sa apoy. Mabilis na sumilip ang mga salitang "guro" at "pag-asa" bago tuluyang maging abo.

Kinabukasan, nagpasiya si Raima. Sa dilim ng hatinggabi, kinuha niya ang lapis at ang larawan ni Ma'am Jen. Tinalikuran niya ang kubo, ang ingay ng digmaan, at ang mga magulang na tila banyaga na sa kanya. Naglakad siya nang walong oras, tumawid sa ilog, hanggang sa

****************************************************************************************************
**Editorial Team**
**Editor-in-Chief**: Alvin B. Punongbayan
**Associate Editor**: Andro M. Bautista
**Managing Editor**: Raymart O. Basco
**Web Editor**: Nikko C. Panotes
**Manuscript Editors / Reviewers**:
Chin Wen Cong, Christopher DC. Francisco, Camille P. Alicaway, Pinky Jane A. Perez,
Mary Jane B. Custodio, Irene H. Andino, Mark-Jhon R. Prestoza, Ma. Rhoda E. Panganiban, Rjay C. Calaguas,
Mario A. Cudiamat, Jesson L. Hero, Albert Bulawat, Cris T. Zita, Allan M. Manaloto, Jerico N. Mendoza
****************************************************************************************************

# INSTABRIGHT e-GAZETTE
ISSN: 2704-3010
Volume VII, Issue I
August 2025
*Available online at https://www.instabrightgazette.com*

marating ang baryo. Doon, binuksan ni Ma'am Jen ang kanilang maliit na tahanan para sa kanya.

Makalipas ang labinlimang taon, bumalik si Raima sa Basilan, ngayon ay isang guro, hindi mandirigma. Hawak niya ang isang kahon ng mga lapis, at sa tulong ng komunidad, itinatag niya ang unang paaralan sa gilid ng bundok. Doon, tinuturuan niya ang mga batang gaya ng dati niyang sarili. Mga anak ng labanan, na ang pangarap ay mas matibay sa anumang takot.

"Ang lapis," sabi niya sa kanyang mga mag-aaral, "ay mas makapangyarihan kaysa sa armas. Ito ang sandata na magbubukas ng pinto sa mundo." Sa malayo, sa gitna ng mga puno, may lalaking nakamasid, ang kanyang ama. Sa kamay nito, imbes na armas, may hawak na lapis na luma at kupas.

**Editorial Team**

**Editor-in-Chief**: Alvin B. Punongbayan
**Associate Editor**: Andro M. Bautista
**Managing Editor**: Raymart O. Basco
**Web Editor**: Nikko C. Panotes

**Manuscript Editors / Reviewers**:
Chin Wen Cong, Christopher DC. Francisco, Camille P. Alicaway, Pinky Jane A. Perez, Mary Jane B. Custodio, Irene H. Andino, Mark-Jhon R. Prestoza, Ma. Rhoda E. Panganiban, Rjay C. Calaguas, Mario A. Cudiamat, Jesson L. Hero, Albert Bulawat, Cris T. Zita, Allan M. Manaloto, Jerico N. Mendoza